Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGNAG MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 7, 1993, 9:00 NG UMAGA SA BULAWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS.

- -

Mga Dumalo :

Pangalawang Punong Bayan Jesus M. Dimapilis, Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Crisencio S. Calma
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Bernabe S. Mortel
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Jesus S. Dela Cruz, Pangulo - ABC

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Lorna F. Dimapilis, Tserman - SK

- -

KAPASYAHAN BLG. 24
Taong 1993

KAPASYAHANG NAGHAHAYAG AT NAGPAPAABOT NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG NAGING KONSEHAL NG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA SI G. LEONCIO Y. DIMATULAC, SR.

SAPAGKA'T, si G. LEONCIO Y. DIMATULAC, SR. ay simbolo ng isang lingkod-bayan na sa loob ng mahabang panahon ay naglingkuran sa pamahalaan sa iba't ibang tanggapan at gawain;

SAPAGKA'T, sa kanyang paglilingkod bilang Konsehal ng bayan ng Roxas, sa abot ng kanyang kakayahan at kaalaman ay nagsumikap alamin at tulungang mabigyan ng kalutasan ang mga pangangailangan at karaingan ng kanyang mga kababayan;

SAPAGKA'T, kahit sa kanyang maliit na kaparaanan ay ginampanan niya ng buong katapatan ang tungkuling iniatang ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging isang mabuting lingkod-bayan at responsableng asawa at ama ng kanyang mga anak; at

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ay lubos na nakikidalamhati at nakikiramay sa mga naulila ng naging konsehal ng bayang ito, Leoncio Y. Dimatulac, Sr.

DAHIL DITO, sa mungkahing pinagtibay ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na (ihayag at) ipaabot sa pamilya ng pumanaw na naging konsehal ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, LEONCIO Y. DIMATULAC, SR., ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng pumanaw (na naging konsehal ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro) na si G. Leoncio Y. Dimatulac, Sr.

- -

PINAGTIBAY NG LAHAT
Mayo 7, 1993

- -

PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng kapasyahang ito.

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY :

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Sanggunian